Tunay na ang pinakakasuklam-suklam sa mga lalaki para kay Allāh ay ang pinakapalaban sa mga kaalitan."}

Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Tunay na ang pinakakasuklam-suklam sa mga lalaki para kay Allāh ay ang pinakapalaban sa mga kaalitan."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nasusuklam sa mga tao na matindi at madalas ang pakikipag-alitan, na hindi tumatanggap ng pagpapaakay sa katotohanan at nagtatangkang magtulak nito sa pamamagitan ng pakikipagtalo, o nakikipag-alitan sa katotohanan subalit nagpapalabis-labis siya sa pakikipag-alitan, lumalabas sa hangganan ng pagkamakatarungan, at nakikipagtalo nang walang kaalaman.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5474